


# Learning Guide



in

# Heograpiya/Kasaysayan/ Sibika

GRADE V

# Mga Paaralang Itinatag ng mga Pari at Misyonero

Department of Education
Bureau of Elementary Education
Pasig City, Philippines
2003

**Learning Guide: Heograpiya/Kasaysayan/Sibika**
Pag-aari ng Pamahalaan • Hindi Ipinagbibili

**Paunawa hinggil sa karapatang-sipi.** Isinasaad ng Seksiyon 9 ng Atas ng Pangulo Bilang 49: "Walang karapatang-sipi ang anumang akda ng Pamahalaan ng Republika ng Pilipinas. Gayunman, kung kakalakalin ito, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaang gumawa nito."

Ang mga Learning Guides sa Heograpiya/Kasaysayan/Sibika ay inihanda ng Sangay sa Pagpapaunlad ng Kurikulum (Curriculum Development Division) ng Kawanihan ng Edukasyong Pang-Elementarya. Sadyang inihanda ang mga kagamitang ito upang matulungan ang mga guro at mag-aaral para sa lubusang pagkatuto ng mga kasanayan gayon din upang maragdagan at mapayaman ang mga batayang aklat na inihanda ng Instructional Materials Council Secretariat (IMCS).

Iba't ibang kagamitan ang ginamit tulad ng kuwento, tula, maikling dula-dulaan, mga kuwentong bayan at iba pa sa paglalahad ng kasanayang lilinangin kasama ang maraming pagsasanay na angkop sa mga mag-aaral sa mga paaralang elementarya.


**Mga Tagapamahala.** Dr. Lidinila M. Luis-Santos, *Direktor IV*; Dr. Teresita G. Inciong, *Direktor III*; Dr. Merlita A. Nolido, *Tagapamahala, Sangay sa Pagpapaunlad ng Kurikulum*; Ms. Corazon L. Galang, *Tagapamahala, Sangay sa Pagpapaunlad ng Kurikulum (1995-1998)*

**Mga Manunulat**. Elizabeth J. Escaño, *Tagapag-ugnay ng Proyekto,* Elizabeth J. Escaño, Federico L. Reyno, Ofelia H. Eustaquio, Noel P. Miranda, Aurea S. Duran, Celia C. Juachon, Concepcion G. Viernes, Marion Grace Murillo, Erlinda Andal, *Tagamasid, Sangay ng Maynila,* Angelita Cagalingan, *Tagamasid, Sangay ng Pasig*, Carmencita Magabo, *Tagamasid, Sangay ng Makati*, Rosalinda Palacao, *Sangay ng Cavite,* Araceli Rivera, *Sangay ng Rizal, Mga Kasapi,* Remedios G. Pardo, Herminia G. Valenzuela, Rowena B. Dino, Glenda P. Monterozo, Myrna D. Latoza, Ferdinand S. Bergado, Wilson T. Sy, Julius Peter Samulde, Romeo A. Granadozin, *Mga Katulong sa Paghahanda,* Eric S. de Guia, Fermin M. Fabella, *Mga Gumuhit ng Larawan*

**BUREAU OF ELEMENTARY EDUCATION**
**Curriculum Development Division**

Office Addres: 2nd Floor, Bonifacio Bldg.,
DECS Complex, Meralco Avenue
Pasig City
Telephone No.: 632-1361 loc. 2055/2174/2175
Fax No.: 633-7270

## ALAMIN




Mahalaga ang may pinag-aralan. Noon pa man ay ninais ng mga magulang na makapag-aral ang kanilang mga anak. Saan sila natuto ng mga gawaing akademiko at bokasyonal? Saan-saan kayang paaralan sila nagtapos ng primarya? Sekondarya? Kolehiyo?

Atin itong alamin.

Sa araling ito, mailalarawan ang mga paaralang itinatag ng mga pari at misyonero.

## PAG-ARALAN

## PAGHAHANDA

### 1. Gagawin Namin

- Basahin ang komiks.

**Babasahin I**



**Babasahin II**

## Mga Paaralang Itinatag ng mga Pari at Misyonero

Ang mga misyonero ang unang guro at ang mga paaralan ay ang mga paaralang parokya na itinatag noong 1565 sa Cebu. Relihiyon ang pinakamahalagang aralin. Itinuturo ang wikang Kastila, pagbasa, pagsulat, pagkuwenta, musika at sining at kursong bokasyonal o gawaing pantahanan at Doctrina Cristiana. Ang paraan ng pagtuturo ay ang panayam o lecture at ang pag-aaral ay pagsasaulo sa lecture ng guro.

Noong 1589, itinatag ng mga paring Heswita ang Colegio de Manila – ang kauna-unahang kolehiyo para sa mga lalaki. Naging Colegio de San Ignacio ito nang malaunan. Itinatag din ang San Ildefonso sa Cebu noong 1595 na ngayo'y Seminaryo ng San Carlos at Colegio de San Jose sa Maynila noong 1601.

Noong 1859, pinangasiwaan ng mga Heswita ang Escuela Pia at ginawang Ateneo de Manila na ngayon ay isang unibersidad.

Itinatag naman ng mga prayleng Dominikano noong 1611 ang Colegio Santisimo Rosario at Colegio de Santo Tomas na ngayon ay UST. Binuksan naman ni Padre Juan Geronimo noong 1630 ang Kolehiyo ng San Juan de Letran. Ito ang pinakamatandang paaralan para sa mga lalaki sa bansa ngayon.

Ang Unibersidad ng Santo Tomas ay nagsimula sa Kolehiyo ng Santisimo Rosario na itinatag ni Miguel de Benavides, ang arsobispo ng Maynila. Ginawang unibersidad ito ni Papa Inocente X noong 1645. Ang pangatlong unibersidad ay ang Unibersidad ng San Felipe na itinatag ng isang dikri ni Haring Felipe V. Nagbukas ito noong 1704 at nagsara noong 1726.

Dalawa ang uri ng paaralan para sa babae: ang kolehiyo at ang beaterio. Ang kolehiyo ay paaralan at ang beaterio ay paaralan at bahay-tirahan. Layunin ng beaterio at kolehiyo ang paghahanda sa mga kababaihan para maging ina ng tahanan at sa buhay relihiyoso. Bukod sa relihiyon, ang pinag-aralan ay wikang Kastila, pagbasa, pagsulat, pagkuwenta, kagandahang-asal, musika, pagpipinta, pananahi, pagbuburda, paggawa ng adornong bulaklak at iba pa.

Ang kolehiyo ng Santa Isabel Potenciana ang unang kolehiyo ng mga babae. Itinatag ito noong 1594 sa Maynila. Nagbukas naman ang kolehiyo ng Santa Isabel noong 1632 at noong 1861 isinanib ang una sa huli. Ito ang pinakamatandang kolehiyo ng mga babae ngayon. Ang iba pang paaralan ay ang Beaterio dela Campana de Jesus (1694); Beaterio ng Santa Catalina (1696); Kolehiyo ng Santa Rosa (1750); Kolehiyo ng La Concordia (1869); Assumption Convention School (1892); at iba pa. Ang iba ay bukas pa hanggang ngayon.

Mapapansin na hiwalay ang paaralan ng mga lalaki at babae noon. Ang mga babae ay tinuruan ng pagluluto, pagbuburda sa halip na pagsasaka. Taong 1863 binuksan ang paaralang bayan na tinustusan ng pamahalaan. Tinuruan ang mga lalaki ng Heograpiya, pagsasaka, Aritmetika, Doctrina Cristiana, pagsulat, pag-awit at kagandahang-asal.

Nagbukas din ng paaralang normal para sa kalalakihan noong Enero, 1865 na pinamahalaan ng mga Heswita. Ang mga gurong ito ay kinilalang matataas na tao sa lipunan. Sila ay iginalang. Malaki ang kanilang naging impluwensiya sa pamayanan.

Binuksan ni Obispo Francisco Gainza noong 1875 ang unang paaralang normal para sa kababaihan sa Nueva Caceres (Lungsod ng Naga ngayon). Dito sila sinanay sa pagtuturo. Tulad ng mga gurong lalaki ang mga gurong babae ay kinilala at iginalang din sa pamayanan.

**2. Sa Tulong ng Guro**

- Talakayin:

  a) Anu-ano ang iba't ibang uri ng paaralang binuksan noong 1863?

  b) Bakit sa mga lalaki iniukol ang paaralang normal noong 1865?

  c) Alin ang pinakamatandang unibersidad sa Pilipinas? Kailan ito itinatag?

  d) Ano ang nagpatunay na mahilig sa edukasyon ang mga misyonerong Heswita at Dominikano? Ipaliwanag.

  e) Ano ang pagkakatulad at pagkakaiba sa asignatura ng mga babae at lalaki? Ano kaya ang dahilan ng pagkakaiba?

  f) Anong pagpapahalaga ang ipinahihiwatig sa araling ito? Ipaliwanag.

## PAGLINANG NG KASANAYAN

### 1. Gagawin Namin

- Maliban sa Escuela Pia na itinatag noong 1895, ilagay sa isang <u>time line</u> ang mga kolehiyo na itinatag ng mga Heswita at Dominikano. Sangguniin ang babasahin ukol dito.

1590 1600 1610 1620 1625

| Mga Paaralan | |
|---|---|
| **Pangalan** | **Petsa ng Pagkatatag** |
| | |

- Paghambingin ang mga asignatura noon at ngayon.

| Asignatura | Ginagamit sa Ngayon | Hindi na Ginagamit Ngayon |
|---|---|---|
| 1 | | |
| 2. | | |
| 3. | | |

Pananaw ng tao sa nakatapos ng pag-aaral.

| Pananaw | Noon | Ngayon |
|---|---|---|
| | | |
| 1. Iginagalang | | |
| | | |
| 2. Lider | | |
| | | |
| 3. Mataas na Tao sa Lipunan | | |
| | | |
| 4. Pantahanan at Buhay Relihiyoso | | |
| | | |

## PAGSASANAY

A. Pagtapat-tapatin.

| A | B |
|---|---|
| 1. tinustusan ng pamahalaan | a) paaralang pambabae |
| 2. paaralang pangguro | b) mga guro |
| 3. nagbukas ng paaralang panggurong babae | c) Nueva Caceres |
| 4. natatag, unang paaralang pamparokya | d) 1596 |
| 5. mahilig sa edukasyon | e) paaralang pamparokya |
| 6. paghahanda para maging mabuting ina | f) Normal |
| 7. Kinikilalang matataas na tao sa pamayanan | g) San Ildefonso sa Cebu |
| 8. natatag ang kolehiyo ng Sta. Isabel | h) Obispo Gainza |
| 9. ngayo'y lungsod ng Naga | i) 1565 |
| 10. ngayo'y Seminaryo ng San Carlos | j) Heswita at Dominiko |
| | k) Paaralang panlalaki |

B. Magbigay ng tatlo o apat na dahilan ng pagkakaiba ng pinag-aralan ng mga kababaihan at kalalakihan noon.

## TANDAAN

- Sa mga paaralang itinatag ng mga pari at misyonero, may paaralang panlalaki at pambabae; may asignaturang panlalaki at pambabae. Pinipili lamang noon ng simbahan ang maaaring mag-aral.

- Iginagalang, itinuturing na maimpluwensiya sa lipunan ang may pinag-aralan, partikular ang guro. Ang mga asignaturang itinuturo noon ay paghahanda lamang sa paghahanapbuhay.

- May mga paaralang itinayo noon na nagagamit pa hanggang ngayon; may asignatura noon na angkop pa rin ngayon.



## PAGLALAPAT

**1. Gagawin Ko**

♦ Magbigay ng pangako.

- Mag-aral na mabuti, dadagdagan pa ang sipag at sakripisyo sa pag-aaral hanggang makatapos.

- Sisikapin kong maging karapat-dapat sa mabuting pagkilala ng pamayanan.

## SUBUKIN

Piliin ang wastong sagot.

1. Alin sa mga ito ang asignaturang hindi na kasali ngayon?

   a) Wikang Espanyol
   b) Doctrina Cristiana
   c) Kasaysayan ng Espanya
   d) Lahat ito

2. Aling paaralan ang UST ngayon?

   a) Colegio de San Jose
   b) Escuela Pia
   c) Colegio Señora del Rosario
   d) Colegio de San Ignacio

3. Aling paaralan ang Ateneo de Manila ngayon?

   a) Escuela Pia
   b) Kolehiyo ng Stá. Potenciana
   c) San Jose Recoletos
   d) San Ildefonso

4. Kung ang sa mga lalaki ay pagsasaka, sa mga babae naman ay ____________.

   a) pagpipinta
   b) pagluluto
   c) pagsusulat
   d) pagkukuwenta

5. Alin sa mga paaralang ito ang natitira pa hanggang ngayon?

   a) Escuela Pia
   b) Colegio Señora del Rosario
   c) Sta. Isabel
   d) Lahat ito

6. Ang mga paaralan ay itinayo ng mga Espanyol upang __________.

   a) maging mataas ang kalagayan sa lipunan ng mga Pilipino
   b) ituro ang Kristiyanismo
   c) maging sunud-sunuran ang Pilipino sa mga Espanyol

7. Ang mga lalaking guro ay kinilalang mga __________.


   a) pinuno
   b) matataas na tao sa lipunan
   c) mayayaman at may matataas na katungkulan
   d) wala rito

8. Magkaiba ang paghahanda sa pag-aaral ng babae at lalaki. Ano ang dahilan?

   a) Ang babae ay pantahanan.
   b) Hiwalay ang paaralan ng babae at lalaki.
   c) Hindi ito tanggap ng paaralan.
   d) Higit na matatalino ang mga lalaki.

9. Ang paaralang may tirahan ay tinawag na __________.

   a) kolehiyo
   b) beaterio
   c) convento
   d) unibersidad



## PAGPAPAYAMANG-GAWAIN

- Makipanayam sa mga sumusunod:

  1. Magulang
  2. Guro

  Itanong ang mga sumusunod:

  1. Bakit nais ng mga magulang na makapag-aral ang mga anak sa kabila ng kanilang kahirapan?
  2. Anong mga asignatura sa elementarya o sekundarya?
  3. Bakit mahalaga ang pag-aaral sa bawat asignatura?